


# Don Bosco




## AMA AT GURO NG KABATAAN





*Konsepto at Teksto*–**Fr. Sal Putzu, SDB** • *Salin*–**Cecilia G. Valmonte**
*Disenyo at Layout*–**Fr. Daniel Dennis L. Meim, SDB** at **Myrna B. Caquilala**




• *Larawang-guhit*–**Bede Hernani V. Cleofe** • *Kulay*–**Dondy Daguio**




* An "Oratory" is a place where young people play and pray.


Mabilis na naisaayos ang kamalig para maging paaralan at dormitoryo para sa mga bata.
Ang Oratoryo ni Don Bosco sa Valdocco ay naging tirahan ng daan-daang kabataang nag-aaral ng maaari nilang pagkakitaan . . .
. . . o nagbasa't sumulat . . . nagdagsaan ang mga nagsisipag-aral sa gabi . . .
. . . at nagkatuwaan din at naglaro . . .
Isa sa mga estudyante ni Don Bosco na nanguna sa karamihan ay si Dominic Savio.
Mukhang may kinabukasan ka, Dominic.
Maging kalugud-lugod po sana ako sa Diyos.
Nakasundo rin ni Don Bosco ang mga batang bilanggo.
Napayagan akong ipasyal ko kayo . . .
Kung nakakilala sana ako noon pa ng paring tulad nito, wala ako seguro rito ngayon.
Mabuhay si Don Bosco!
Babalik kaming lahat!



Kasiya-siya ang mga pamamasyal sa kalapit-bayan para sa mga bata at mga taong bayan.
Mahabang oras din ang ginugol ni Don Bosco sa pangungumpisal ng mga bata.
Ang sarap ng pakiramdam ko!
Kahit gabi na, malimit pa ring nagsusulat si Don Bosco.
Ngunit di lahat ay humanga sa kanya.
Mapanganib ang paring ito!
Di ko gusto ang sinusulat niya at ang ginagawa niya.
Dapat siyang iligpit!
Kung ilang ulit na tinangkang siya'y patayin, ngunit lagi siyang iniliingtas ng Panginoon. Sa ilang pagkakataon, may mahiwagang aso ang nagtaboy sa kanyang mga kaaway.
Tulong!
Laging duma-rating sa oras ang asong ito.
Pigilan ang asong ito!



Sa isang pakikipagkita niya sa Papa . . .
Don Bosco, mahusay ang ginagawa mo. Pero paano na pag namatay ka?
Bakit di ka magtatag ng isang konggregasyon?
Iyan nga rin po ang naiisip ko.
Noong 1859 . . .,
Inaanyayahan ko kayong lahat sa isang konggre-gasyong magpapatuloy sa aking ga-wain para sa kabataan pag namatay na ako.
Handa ako!
Sali ako!
Noong 1872, itinatag din niya ang konggregasyon ng "Daughters of Mary Help of Christians" . . .
Gagawin ninyo para sa mga babae ang ginagawa ng mga Salesiano para sa mga lalaki.
Noong 1875, natupad ang isang matagal nang pangarap ni Don Bosco.
Kayo ang unang tutungo sa mga misyon.
Tandaang mga kaluluwa . . . at di pera ang pakay ninyo.
Itinatag din niya ang "Association of Salesian Cooperators."
Ngayong may mga misyonero na tayo sa Timog Ameri-ka, lalo kong kailangan ang tulong ninyo.
Maaasahan mo kami, Don Bosco!
Higit na mahalaga ang inyong buhay Kristiyano kaysa inyong mga abuloy.
Nakaaakit nang gayon na lamang ang kanyang mga dalaw sa Espanya at sa Pransiya.
Si Don Bosco, ang pari ng kabataan!
Ano ang gulong ito?
Isa siyang buhay na santo!









*Pagkalipas ng 45 taon – noong Pasko ng Pagkabuhay, Abril 1, 1934 – ipinahayag na Santo si Don Bosco. Siya ang Ama ng Lahat ng Kabataan.*

## MGA TANONG

1. Bakit kinailangan ni Juan Boscong umalis sa kanilang tahanan sa kanyang murang edad?
2. Ano ang napanaginipan niya nang siya'y siyam na taong gulang?
3. Ano ang ibig sabihin ng gayong panaginip?
4. Nakapagpari ba siya?
5. Sino ang kanyang pinaglingkuran sa mala-king bahagi ng buhay niya?
6. Anong mga karanasan ang inyong natatandaan sa kanyang pakikitungo sa kabataan?
7. Sino ang batang nakilala niya noong Disyembre 8, 1841?
8. Ano ang pangalan ng binatilyong kinilala ni Don Boscong "may ilalabas"?
9. Mahal ba ng lahat si Don Bosco? Bakit siya tinangkang patayin ng ilan?
10. Sino ang nagligtas kay Don Bosco sa mga gayong pagtatangka?
11. Alin-aling samahang relihiyoso ang itinatag niya?
12. Kailan siya namatay? Kailan siya ipinahayag na santo?
13. Anong katangian ang ikinatampok ni Don Bosco sa kanyang buhay?




*Estatuwa ni San Juan Bosco sa ibabaw ng imahen ni San Pedrong Apostol sa "St. Peter's Basilica, Vatican City," kung saan nakita ni Don Bosco mismo ang kanyang sarili sa isang pangitain nang nabubuhay pa siya.*










# MGA TAMPOK SA BUHAY

| | | |
|---|---|---|
| | 1815 Agosto 16 | Ipinanganak sa Becchi, Castelnuovo, Italya |
| | 1817 Mayo 11 | Pagkamatay ng kanyang ama |
| A | 1824 | Ang una niyang panaginip |
| | 1826 Marso 26 | Unang Komunyon noong Pasko ng Pagkabuhay |
| | 1828 Peb-1829 Dis | Pagtratrabaho sa bukid sa Moglia |
| | 1829 Disyembre | Nakilala si P. Calosso |
| | 1830 Nobyembre | Pagkamatay ni P. Calosso |
| | 1830 Nob-1831 Hunyo | Pag-aaral sa Castelnuovo |
| B | 1831 Nobyembre | Simula ng pag-aaral sa Chieri, Turin |
| | | Hinangaan sa pagkapanalo sa isang sikat na *acrobat* |
| | 1833 Agosto 4 | Kumpil |
| | 1835 | Nakilala si Don Cafasso |
| | 1835 Oktubre 25 | Pagsusuot ng habito |
| | 1835 Oktubre 30 | Simula ng buhay seminarista sa Chieri |
| C | 1841 Hunyo 5 | Naordinahang pari |
| D | 1841 Hunyo | Nag-alala sa kabataan sa preso at lansangan |
| | 1841 Nobyembre 3 | Pumasok sa *"Convitto"* |
| E | 1841 Disyembre 8 | Nakilala si Bartolome Garellu |
| | | – Simula ng kanyang "Oratoryo" |
| | 1844 | Nahirang na kapelyan ng *"The Refuge"* |
| | | (itinatag ng *Marchioness of Barolo*) |
| | 1846 Abril 12 | Paglipat ng Oratoryo sa *"Pinardi Shed"* noong |
| | | Pasko ng Pagkabuhay |
| | 1846 Hulyo | Malubhang pagkakasakit |
| | 1846 Nobyembre 3 | Tumira sa Turin si *Mother Margaret* |
| F | 1847 Mayo | Tumanggap ng unang kasera |
| | 1849 | Inilathala *"The Friend of Youth"* |
| | 1850 | Itinatag ang *"Mutual Aid Society"* para sa kabataan |
| | 1851 Pebrero 19 | Binili ang *Pinardi House* |
| | 1852 Hunyo 20 | Pagbabasbas ng Simbahan ni *St. Francis de Sales* |
| G | 1853 | Unang *Workshop* sa Oratoryo para sa mga sapatero |
| | 1853 Marso | Inilathala ang unang labas ng *"Catholic Readings"* |
| | 1854 Enero 26 | Unang binansagang "Salesiano" ang kanyang mga |
| | | katulong. |
| H | 1854 Oktubre | Tinanggap sa Oratoryo si Dominic Savio. |



















# NI SAN JUAN BOSCO

| | | |
|---|---|---|
| I | 1854 Nobyembre | Unang napakita ang asong si *"Grigio"* para ipagtanggol si Don Bosoco. |
| | 1855 | Unang propesyon ni Don Rua |
| | 1856 | Itinatag ni Dominic Savio ang *Sodality of the Immaculate Conception.* |
| | 1857 Marso 9 | Namatay si Dominic Savio. |
| | 1857 Taglagas | Nakilala si Mickey Magone sa Carmagnola. |
| | 1858 | Unang pagpunta sa Roma |
| | 1859 Enero 21 | Namatay si Mickey Magone. |
| | 1859 Disyembre 17 | Simula ng *Salesian Congregation* |
| | 1862 Hulyo 23 | *"Decretum Laudis"* ng *Salesian Congregation* |
| J | 1868 Hunyo 9 | Pagtatalaga sa *Basilica of Mary, Help of Christians* sa Turin; nagkatotoo ang pangarap niya noong 1844 |
| | 1869 Marso 1 | Pagpapatibay sa *Salesian Congregation* |
| K | 1872 | Pagtatatag ng *Daughters of Mary, Help of Christians* |
| L | 1874 Abril 3 | Pagpapatibay sa mga Tuntunin ng *Salesian Congregation* |
| M | 1875 Nobyembre 11 | Pagsusugo sa mga unang Misyonerong Salesiano sa Argentina; simula ng pagkakatotoo ng kanyang pangarap Pangmisyonero ng 1871 |
| | 1876 | Pagtatatag ng *Salesian Cooperators* |
| N | 1877 | Unang labas ng *Salesian Bulletin* |
| | 1877 | Kauna-unahang *Salesian General Chapter* |
| | 1880 | Tinanggap ang tungkuling magtayo ng *Temple of the Sacred Heart* sa Roma |
| | 1886 | Naglakbay sa Marseilles at Paris sa Pransiya |
| | 1887 Mayo 14 | Pagtatalaga ng *International Temple of the Sacred Heart* sa Roma |
| O | 1888 Enero 31 | Namatay sa Valdocco, Turin |
| | 1907 Hulyo 24 | Ipinahayag na *"Venerable"* ni Papa Pio X |
| | 1929 Hunyo 2 | Ipinahayag na *"Blessed"* ni Papa Pio XI |
| P | 1934 Abril 1 | Ipinahayag na Santo ni Papa Pio XI noong Pasko ng Pagkabuhay |
| | 1946 Marso 25 | Ipinahayag na *"Patron of Catholic Publishers"* |











# ANG DAIGDIG

## MGA LARAWAN

Inayos na tirahan ni Don Bosco noong kanyang kabataan sa Becchio, Castelnuovo d'Asti, Italya

Tanawin ng Castelnuovo d'Asi, Italya



# NI DON BOSCO



Sakristiya ng *Church of St. Francis of Assisi* sa Turin, Italya kung saan unang nakilala ni Don Bosco si Bartlome Garelli

Ang tirahan ni Pinardi sa Valdocco, Turin, Italya – ang unang permanenteng lugar ng Oratoryo ni Don Bosco



# ANG DAIGDIG

## Mga Larawan



Tumira at nag-upisina si Don Bosco sa ikalawang-palapag ng gusaling ito ng Oratoryo sa Valdocco, Turin, Italya.

Silid-tulugan ni Don Bosco sa Oratoryo sa Valdocco, Turin, Italya, kung saan siya lumagi nang maraming taon at kung saan siya namatay noong Enero 31, 1888




# NI DON BOSCO

*Shrine of Mary, Help of Christians*, Valdocco, Turin, Italya




Relikya ni San Juan Bosco na iginagala sa buong mundo bilang paggunita sa ika-150 taong anibersaryo ng *Salesian Society* (2009) at bilang paghahanda para sa ikalawang sentenaryo ng kanyang kapanganakan (2015).









**WORD & LIFE PUBLICATIONS**


Don Bosco Compound
Antonio Arnaiz Ave., cor. Chino Roces Ave.
P. O. Box 1820, MCPO
1258 Makati, Philippines
Tel. Nos. (632) 894-5401/02 • Telefax No. 894-5241
E-mail: editorial@wordandlife.org
marketing@wordandlife.org
Website: www.wordandlife.org



ISBN–978-971-0180-05-9